CANADIAN LANGUAGE BENCHMARKS PLACEMENT TEST

# Unawain ang iyong Pagsusulit sa Batayan ng Pamantayan sa Wika ng Kanada (CLBPT) Ayon sa Tinasang Ulat

## Ano ang Pagsusulit sa Batayan ng Pamantayan sa Wika ng Kanada (CLBPT)?

Gamit ng CLBPT ang Pamantayan sa Wika ng Kanada (CLB) para tasahin ang iyong kakayanan sa paggamit ng Inglis. Ipinapakita ng iyong CLBPT ang iba't-ibang antas na batayan para sa pakikinig, pagsasalita, pagbabasa at pagsusulat.

## Ano ang mga Antas na Pamantayan?

Ang Pamantayan sa Wika ng Kanada (CLB) ay isang sistema na may 12 antas na pamantayan (benchmark) upang ilarawan ang kakayanan sa pakikinig, pagsasalita, pagbabasa at pagsusulat. Sinusukat ng CLBPT ang iyong kakayanan sa paggamit ng Inglis sa unang 8 antas, CLB 1 hanggang 8.

| PAMANTAYAN SA WIKA NG KANADA (CLB) | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| YUGTO 1 SALIGANG KASANAYAN | | | | YUGTO II PANGGITNANG KASANAYAN | | | | YUGTO III ABANTENG KASANAYAN | | | |
| 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 | 8 | 9 | 10 | 11 | 12 |

Ang panukat ng CLBPT mula CLB 1-8 antas

## Ano ang kahulugan ng kinalabasan ng aking CLBPT?

Ang talaan sa ibaba ay nagpapakita ng kinalabasan ng iyong CLBPT. Tingnan ang hanay sa kaliwa upang makita ang iyong pamantayan, tapos tingnan sa ilalim ng kakayahan (pakikinig, pagsasalita, pagbabasa, o pagsusulat) para maunawaan ang ibig sabihin ng mga antas ng iyong kasanayan.

Ang marka mo ay maaaring kaiba sa kasanayan ng iba; ito ay karaniwan. May mga tao na higit na mahusay sa pakikinig at pagsasalita at ang iba naman ay mas mahusay sa pagbabasa at pagsusulat.

| CLB | Pakikinig | CLB | Pagsasalita | CLB | Pagbabasa | CLB | Pagsusulat |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Bago ang CLB | Hindi ka nakakaintindi ng Inglis. | Bago ang CLB | Hindi ka nakakapagpahayag sa Inglis. | Bago ang CLB | Hindi ka nakakabasa ng Inglis, at marahil walang kabatiran sa alpabetong Inglis. | Bago ang CLB | Di ka nagsusulat sa Inglis, ngunit kaya mo marahil komopya ng mga titik at bilang. |

| CLB | Pakikinig | CLB | Pagsasalita | CLB | Pagbabasa | CLB | Pagsusulat |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 1 | Naunawaan mo ang mga karaniwang salita. Binabati mo ang mga taong bumabati sa iyo. Kailangan mo ng sapat na tulong para unawain ang sinasabi ng ibang tao. | 1 | Binabati mo ang mga tao at nagbibigay ka ng karaniwang impormasyon tungkol sa iyong sarili. Gumagamit ka lang ng ilang salita. Kailangan mo ng tulong sa iyong pagsasalita. | 1 | Nakakabasa ka ng alpabeto at ilang ordinaryo at simpleng salita sa tulong ng mga larawan. | 1 | Kaya mong komopya ng mga salita at bilang. Kaya mong magsulat ng ilang salita. |
| 2 | Batid mo ang karaniwang mga salita, parirala at pangungusap. Naunawaan mo ang karaniwang tanong tungkol sa iyong sarili. Kailangan mo ng tulong para unawain ang sinasabi ng iba. | 2 | Binabati mo ang mga tao at nagbibigay ka ng karaniwang impormasyon tungkol sa iyong sarili. Nangungusap ka gamit ang maikling pangungusap. Minsan, kinakapos ka sa iyong pananalita kaya kailangan mo ng tulong. | 2 | Nakakabasa ka ng alpabeto, mga karaniwang salita at napakasimpleng pangungusap tungkol sa pang araw-araw na pamumuhay. Gumagamit ka ng mga larawang pantulong sa pagbabasa. | 2 | Kaya mong komopya ng mga salita at bilang ng tama. Kaya mong magsulat ng mga maikli at karaniwang pangungusap tungkol sa iyong sarili. |
| 3 | Naunawaan mo ang maiikling pangungusap tungkol sa mga ordinaryong paksa. Naintindihan mo ang karaniwang tanong tungkol sa iyong sarili at tanong sa mga karaniwang paksa. Kung minsan, kailangan mo ng tulong para unawain ang sinasabi ng ibang tao. | 3 | Nagsasalita ka gamit ang simpleng pangungusap tungkol sa karaniwang paksa. Sinasagot mo ang simpleng tanong tungkol sa sarili gamit ang paisa-isang salita o maikling pangungusap. Kailangan mo pa rin, kung minsan, ng tulong sa iyong pananalita. | 3 | Nababasa mo at nauunawaan ang mga salitang gamit sa araw-araw. Naintindihan mo rin ang karaniwang impormasyon mula sa mga maikling kuwento ng paulit-ulit na pangyayari. Gumagamit ka ng mga larawang pantulong sa pagbabasa. | 3 | Kaya mong magsulat ng maikli at karaniwang pangungusap tungkol sa iyong sarili at mga bagay na kabisado mo tulad ng iyong pamilya at mga kabisadong lugar. |
| 4 | Naunawaan mo ang karaniwang tanong at impormasyon tungkol sa mga pang-araw-araw na paksa. Nauunawaan mo rin kung sinasabi ng tao ang kanilang ayaw at gusto. Kaunting tulong lang ang kailangan mo para unawain ang sinasabi ng iba. | 4 | Sumasali ka na sa araw-araw na usapan at nakakapaglarawan ka na ng sariling karanasan. Gamit ang maiikling pangungusap, nasasabi mo ang iyong naisin, mga nagugustuhan at inaayawan. Di mo gaanong kailangan ang sapat na tulong sa iyong pagsasalita. | 4 | Nakakabasa ka ng maraming karaniwang salita at pangungusap. Nauunawaan mo ang mga ordinaryong kuwento ng karaniwang paksa. Nakakakuha ka na rin ng impormasyon mula sa mahabang paglalarawan ng mga hindi pangkaraniwang paksa. | 4 | Gumagamit ka ng maiikli at karaniwang pangungusap upang magsulat ng mga saknong tungkol sa sarili mong karanasan o iba pang karaniwang paksa. |

Para sa iba pang impormasyon, puntahan ang: www.language.ca

TAGALOG

CANADIAN LANGUAGE BENCHMARKS PLACEMENT TEST

# Unawain ang iyong Pagsusulit sa Batayan ng Pamantayan sa Wika ng Kanada (CLBPT) Ayon sa Tinasang Ulat

## YUGTO II: PANGGITNANG KASANAYAN

| CLB | Pakikinig | Pagsasalita | Pagbabasa | Pagsusulat |
|---|---|---|---|---|
| 5 | Maraming mga salita at parirala sa tungkol sa karaniwang paksa ang iyong nauunawaan kung ipinapahayag sa katamtamang bilis. Naintindihan mo na rin ang ibang kahulugan ng karaniwang paksa na pinag-uusapan. Hindi mo na kailangan ng tulong kung may kausap ka bagama't di mo nauunawaan kung minsan ang kanilang sinasabi. | Naipapahayag mo ang sarili mong karanasan at naiilarawan mo ang iyong mga ayaw at gusto ng walang tulong mula sa iba. Nag-uumpisa kang gumamit ng mahabang pangungusap, may malinaw na mungkahi at mga paghahambing. Marami ka nang alam na salita at kawikaan. Minsan, humihinto ka kung alanganin sa iyong sinasabi. Nahihirapan minsan ang iba na maintindihan ang iyong sinasabi. | Marami ka nang naiintindihang mga karaniwan at di pangkaraniwang salita. Nakukuha mo na ang pangunahing kaisipan, ilang mga detalye at ibang kahulugan sa paglalarawan ng mga di pangkaraniwang paksa. Nag-uumpisa ka nang makakuha ng mga impormasyon sa mas mahaba at mahirap unawaing mga talata. | Kaya mong ilarawan ang pangyayari sa isang saknong, na may pangunahing kaisipan at ilang detalye. Nailalarawan mo na ng detalyado ang sarili mong kaisipan o nagbabahagi ng iyong kuro-kuro. Bagama't may ilang pagkakamali, ang iyong pangungusap ay nagpapakita ng tama sa pangkaraniwang balarila, pagbaybay, bantas at talasalitaan. |
| 6 | Nauunawaan mo na ang maraming pangkaraniwan at ilang di pangkaraniwang salita at kawikaan. Nauunawaan mo ang mahahalagang detalye maging ang mga di-tuwirang kahulugan nito kung may nakikipag-usap sa iyo tungkol sa karaniwang paksa. Nakikilatis mo rin ang saloobin at kuro-kuro ng nagsasalita. Di ka nahihirapang unawain ang isang nakikipag-usap sa iyo. | Nasasabi mo ng detalyado ang mga katotohanan at mga kaisipan. Gamit ang ibat-ibang banghay ng balarila, iniuugnay mo ang sariling kaisipan para makagawa ng mahabang pangungusap. Lumalago ang iyong kaalaman sa pananalita at mga kawikaan. Bagama't may mga pagkakamali, di naman nahihirapan ang mga nakikinig na maunawaan ka. Matatas na ang iyong pananalita. | Nauunawaan mo na ang maiikling talatang nakasulat sa karaniwan ngunit may kaunting kahirapang salita sa Inglis. Gagap mo na ang pangunahing mensahe, mahalagang detalye at iba pang kahulugan. Nag-uumpisa mo nang maunawaan ang layunin ng manunulat, hangarin at kaisipan. Nakukuha mo na ang pangunahing kahulugan ng ilang mahahaba at mas mahirap na talata. | Kaya mong maglarawan o maghambing ng mga pangyayari, tao, lugar, bagay at kalakaran sa balangkas ng isang saknong. Kaya mo nang maglatag ng isang kaisipan at naglalaman ng detalye para suportahan ito. Iilan na lang ang kamalian sa pagbaybay, pagbantas at talasalitaan ng iyong mga pangungusap. Nag-uumpisa ka nang gumamit ng malalim na balarila at talasalitaan. |
| 7 | Nauunawaan mo ang mas mahirap at di tuwirang tanong tungkol sa mga pansariling karanasan, karaniwang paksa at pangkalahatang kamalayan. Nauunawaan mo rin ang mga pangunahing punto, mga detalye at iba pang kahulugan kahit malabong usapin ang pinag-uusapan. Lumalawak ang iyong talasalitaan at nadaragdagan ang iyong kawikaan. Di ka na nahihirapang umunawa kung nakikipag-usap sa mga karaniwang paksa. | Palagay loob kang nagpapahayag sa maraming paksa. Kaya mong maglarawan ng mga tao, lugar at sitwasyon at magpahayag ng iyong palagay, damdamin at reserbasyon sa usapin. Kaya mong maghambing ng detalyado. Nag-uumpisa ka nang gumamit ng malalim na pananalita, kabilang ang mga kawikaan. Sa kabila ng ilang kamalian sa balarila, madali pa ring maunawaan ang iyong sinasabi. Matatas na ang iyong pananalita. | Nauunawaan mo ang mahaba at medyo may kahirapang talata na nakasulat sa mga payak na salitang Inglis. Nakikita mo at napapag-isa ang magkakahiwalay na kaisipan sa isang talata, maging ang pagkakaiba o pagkakapareho. Naiintindihan mo ang mga talata na naglalantad ng katotohanan, damdamin at saloobin. Nakukuha mo ang mahahalagang puntos at mga detalye mula sa mahahaba at mas mahirap na mga talata. | Nagsusulat ka na ng maikling mga saknong tungkol sa mga karaniwan at konkretong paksa na may malinaw na kaisipan at mga detalye. Kaya mo nang magsulat ng maikling sanaysay na may angkop na panimula at wakas. Matuwid na ang iyong balarila, pagbaybay at tamang bahagi ng pangungusap. Gumagamit ka na na ng malawak na talasalitaan at balarila, subalit ang iyong mga pangungusap ay tipong kakaiba o alanganin kung minsan. |
| 8 | Unawa mo na ang mahihirap at paligoy-ligoy na tanong tungkol sa pansariling karanasan, karaniwang paksa at pangkalahatang kamalayan. Naintindihan mo ang pangunahing tutok, detalye, layunin at saloobin kung ang iba ay nagsasalita sa karaniwang paksa gayundin sa malabo at paligoy-ligoy na kaisipan. Naintindihan mo ang maraming kasabihan, bukangbibig at kaya mong sumunod sa usapan at mga kuwento na pangkalahatan. | Panatag kang nakakapagpahayag sa karaniwan at di gaanong pinag-uusapang paksa. Kaya mong maglarawan, magpahayag ng palagay, at magbigay ng paliwanag. Marunong kang magsuri at maghambing ng mga impormasyon upang bigyang kalutasan ang suliranin. Gumagamit ka ng malalim na salita at mga kawikaan. Malinaw ang iyong mensahe at bihirang magkamali. Madalang na hindi ka naiintindihan. Matatas ang iyong pananalita. | Nasusundan mo ang pangunahing kaisipan, mga susing salita at mahalagang detalye ng paksa na nakasulat sa payak na salitang Inglis ngunit mahaba at may kahirapan. Nakikita mo at napag-iisa ang mga impormasyon sa pagitan ng mga saknong. Naintindihan mo ang kakaibang kahulugan at ang naisin ng manunulat sa talata kahit sa mas masalimuot at palaisipang paksa. Bagama't kung minsan ay hirap mong unawain ang ilang kawikaan o pangkulturang ugnayan sa mas malalim na paksa. | Nakakapagpahayag ka ng mga kaisipan at kuro-kuro tungkol sa mga karaniwan o kahit sa malabong paksa sa maiikling mga saknong. Napapag-ugnay mo ang bawat pangungusap at nakakapagbanhay ng isang maikling sanaysay mula sa isang kaisipan. Mahusay mong napapanghawakan ang magkakaugnay na pangungusap, balarila at pagbantas. Gumagamit ka na ng malalalim na talasalitaan at balarila. Paminsan-minsan, nagkakaroon ka ng kahirapan sa mga masalimuot na balarila at pamamaraan pero madali pa ring maunawaan ang mensaheng nais mong ihatid. |

Para sa iba pang impormasyon, puntahan ang: www.language.ca

Centre for Canadian Language Benchmarks

Citizenship and Immigration Canada

Citoyenneté et Immigration Canada

Ontario